**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**

**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**

**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**

**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**

**November 3, 2020 (11:01 A.M. – 12:04 P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang araw ng Martes sa lahat ng ating mga kababayan nakatutok sa ating programa pati na rin sa ating mga media partners; ngayon po ay November 3, 2020. Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa PCOO. Magandang umaga, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Good morning, Secretary Martin. Ako naman po si Usec. Rocky Ignacio mula pa rin sa PCOO. Sa loob ng isang oras ay hatid namin ang pinakahuling balita sa mga aksiyon ng pamahalaan upang matulungan ang ating mga kababayan na labis na naapektuhan hindi lamang ng COVID-19 kung hindi pati na rin ang naging sama ng panahon na patuloy na namiminsala sa ilang bahagi ng ating bansa.

**SEC. ANDANAR:** Ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

**USEC. IGNACIO:** Simulan na po natin ang balitaan ngayong araw. Nagsagawa ng aerial survey si Pangulong Rodrigo Duterte sa Bicol Region sakay ng presidential chopper kasama si Senate Committee on Health Chairman Senator Christopher "Bong" Go, inikot ng Pangulo ang mga bayan na lubhang sinalanta ng Super Typhoon Rolly noong weekend. Lumapag ang chopper ng Pangulo sa Guinobatan, Albay para personal na tingnan at alamin ang sitwasyon ng mga residenteng nawalan ng bahay matapos halos tabunan na ng lahar at malalaking bato ang kanilang mga bahay. Dinumog ng reklamo ang Pangulo pagkalapag niya at sinalubong ng mga residente ng Guinobatan.

Kinumpirma ni Senator Go na iniutos na ng Pangulo ang imbestigasyon sa mga quarrying activities sa Guinobatan dahil batay sa sumbong ng mga residente, ito umano ang pangunahing dahilan ng matinding pinsalang iniwan at epekto ng Bagyong Rolly sa kanilang lugar.

Sa mga larawang ipinadala ni Senator Go, makikitang tinatangkang makalapit ang ilang mga residente sa Pangulo at nagpahatid ng kanilang reklamo. May mga kuha rin o larawan na nagpapakitang kalbo ang mga bundok dahil sa quarrying activities sa lugar.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, iginiit po naman ni Senador Bong Go na hindi porke't nasa Mindanao ang Pangulo nitong weekend ay hindi na siya nagtatrabaho. On top of the situation pa rin aniya ang Pangulo at naka-monitor round the clock sa mga development at aksiyon ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan sa kasagsagan ng pananalasa ng bagyo.

[VTR]

Ipinatawag aniya ng Pangulo ang lahat ng ahensiya ng gobyerno para tumulong kaagad sa recovery efforts at kailangang mag-double time ang Department of Information and Communications Technology para agad maibalik sa linya ng komunikasyon sa mga apektadong lugar gaya ng Catanduanes; ang Department of Energy naman para sa supply ng kuryente; at ang DPWH na aayos sa mga kalsada at tulay na nasira, at maitayong muli ang mga nagbagsakang poste. Ganoon din sa Department of Transportation upang maayos ang mga nasirang pantalan at paliparan; habang ang DSWD para sa mga food packs, tulong pinansiyal at tent na pansamantalang sisilungan ng mga nawalan ng bahay. At siyempre, ang Department of Health para sa mga gamot kasama na ang mask at hygiene kits.

**USEC. IGNACIO:** Dahil sa sunud-sunod na kalamidad, lalo pang iginiit na madaliing maisabatas ang panukalang Mandatory Evacuation Center Act Of 2019. Sinabi rin ni Senator Go na hindi lang per region kung hindi bawat probinsiya, munisipiyo at mga lungsod ay dapat magkaroon ng evacuation center.

Bukod dito ay pinanawagan din niya sa mga kapuwa mambabatas ang paglikha ng Department of Disaster Resilience para sa mas mabilis na pag-aksiyon tuwing may kalamidad sa bansa.

Iginagalang naman ni Senator Go ang opinyon ng mga kapwa niya mambabatas na nagsasabing hindi na kailangang magkaroon pa ng isang departamento na tututok dahil dagdag gastos lang daw ito sa national budget. Hangad ni Go na mapag-usapan sa Senado ang kaniyang panukala para pakinggan ang suhestiyon ng ibang senador, ilang subject matter experts at executive officials para mas mapabuti pa ang mekanismo na magtitiyak sa pagiging disaster resilient ng bansa.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, tuluy-tuloy din ang pamamahagi ng tulong ng opisina ni Senador Go sa mga biktima ng kalamidad. Narito ang detalye:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, sa kabuuan ay nasa 29,301 na lamang ang active cases ng COVID-19 sa buong kapuluan matapos makapagtala ang Department of Health ng karagdagang 87 sa mga gumaling o katumbas ng 348,830 total recoveries. Iyan po ay batay sa pinakahuling bulletin na ipinalabas ng

Department of Health kahapon, November 2, 2020. Tatlumpu't dalawa naman ang nadagdag sa mga nasawi sa kabuuang bilang na 7,269; nasa 385,400 naman po ang total confirmed cases sa buong bansa matapos itong madagdagan ng 2,298 kahapon.

Mahigit dalawang libo pa rin ang kasong naitala kahapon; bahagya lamang ito bumaba. Sinundan nitong araw kung saan halos 2,400 ang nai-report na kaso. Ang pinakamataas na bilang ng kaso kahapon ay naitala sa Benguet with 188 new cases. Sumunod naman dito ang Lungsod ng Davao na may 166 na kaso, nasa ikatlong puwesto ang Rizal with 119 cases. Ang Quezon City ay nakapagtala rin ng 116 cases, at panlima naman ang Bulacan na may 91 na bagong kaso.

Samantala, umakyat naman sa 7.6% na total cases ng mga aktibong kaso, sila po iyong mga hindi pa gumagaling mula sa COVID-19.

**SEC. ANDANAR:** Karamihan sa kanila ay may mild cases lamang o katumbas ng 82.5%; ang hindi kinakikitaan ng sintomas ay nasa 9.6%; samantalang nasa 5% naman ang kritikal at 2.9% ang severe.

Sa kabila ng mga sakunang ating nararanasan, ang amin pong panawagan ay ipagpatuloy ang pagiging BIDA Solusyon sa COVID-19. Kung kayo po ay lalabas ng bahay ay huwag kakalimutang magsuot ng facemasks at magdala ng alcohol. Huwag rin kakalimutan ang inyong quarantine pass lalo na sa mga lugar kung saan ito ay kinakailangan. Mainam din po kung tayo ay gagawa ng listahan ng ating bibilhin o mga gagawin sa labas ng bahay.

Para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang (02) 894- COVID o kaya ay (02) 894-26843. Para naman sa mga PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial ang 1555. Patuloy rin kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19, maaari ninyo ring bisitahin ang covid19.gov.ph.

Puntahan din po natin ang mga balitang nakalap ng ating mga kasamahan mula sa Philippine Broadcasting Service, ihahatid sa atin ni Ria Arevalo. Please go ahead, Ria.

[NEWS REPORT BY FLORENCE TARCINA]

[NEWS REPORT BY FATIMA JINNO]

[NEWS REPORT BY BREVES BULSAO]

[NEWS REPORT BY REGINE LANUZA]

**USEC. IGNACIO:** Daghang salamat, Regine Lanuza ng PTV-Davao.

**SEC. ANDANAR:** Sa kabila ng health crisis at sunud-sunod na unos na ating nararanasan ay patuloy at masigasig pa ring itinataguyod ng pamahalaan, partikular ng Department of Education, ang kalidad ng edukasyon para sa ating mga mag-aaral.

**USEC. IGNACIO:** Halos isang buwan matapos pong magsimula ang klase sa mga pampublikong paaralan, masasabi kaya nilang matagumpay pa rin ang naging pagpapatupad ng distance learning? Iyan po at iba pang katanungan ang sasagutin ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna po ni Secretary Leonor Briones; Undersecretary Annalyn Sevilla; Undersecretary Diosdado San Antonio; Undersecretary Jesus Mateo at Undersecretary Revsee Escobedo.

Magandang umaga po sa inyo at welcome po sa Public Briefing.

**SEC. ANDANAR:** Secretary Briones, kamakailan lamang ay inilabas po ng DepEd ang guidelines tungkol sa pagkuha ng learning support aids na tutulong sa mga guro at estudyante sa ilalim ng distance learning. Sinu-sino po ang qualified na magkaroon ng mga learning support aides?

Good morning po, Sec. Liling.

**DEPED SEC. BRIONES:** Good morning sa nanunood at nakikinig sa ating programa ngayon. Kami ay we are reaching out to those who are badly affected, severely affected by the typhoon but at the same time we are also very grateful for those who have been spared.

Ngayon on the matter of teachers and teaching aide, mga para-teachers kasi hiningi namin iyan sa Department of Budget and Management, nandito si Usec. Jess na siya ang magbigay ng briefing. Pero inuumpisahan na natin iyong pag-take in, pag-employ ng mga para-teachers.

Ibig sabihin na maski hindi fully qualified according to our standards pero nakatapos ng edukasyon ay sila ay naka-undergo ng LET examination at training ay puwede silang magturo dahil kailangan natin ng mga guro at this time.

So nandito si Usec. Jess na mag-update sa atin. Kasi ito ay hindi lamang sa Department of Education ang involved kundi ang Department of Budget ang Management dahil sila ang magbibigay ng pondo at saka ang Civil Service Commission na sila naman ang magri-review ng mga qualifications ng mga para-teachers na ito. Usec. Jess…

**DEPED USEC. MATEO:** Good morning, Secretary Liling. Good morning Secretary Martin at saka Usec. Rocky at saka sa nanunood dito sa ating programa.

Totoo po iyon, recently naglabas po tayo ng polisiya tungkol po sa learners support aide. Sa kasalukuyan po mayroon na po tayong 3,200 learner support aides in 5 regions, karamihan po dito mga 2,000 ay paid for by DepEd, the others po ay LGU-paid po. Totoo po, ang isang qualification po natin dito ay kailangan po graduate ng senior high school or second year

college, iyon po 'yung minimum qualification at ang kinukuha po natin ay iyong mga tao po na nandito po sa community para po ma-prevent natin iyong pag-transmit ng COVID po.

Sa kabila naman, iyong ating mga private school teachers na naapektuhan ng COVID, mayroon na po tayong 1,421 na na-hire po natin. Karamihan po dito ay DepEd-hired po, ibig sabihin na-regularize na sila at iyong iba po naman ay LGU-hired. Pero lahat po noong experience po nila ay eventually maka-count po once na magkaroon tayo ng opening sa regular teacher items po. Iyon lang po muna siguro po, ma'am...

**SEC. ANDANAR:** Pero Usec. Jess, sa pagkuha po natin ng learning support aide, saan po tayo kukuha ng pondo para dito?

**DEPED USEC. MATEO:** Unang-una po doon sa local government po sa pamamagitan ng Special Education Fund o kaya iyong general fund nila. Pangalawa po, doon po sa savings ng ating school MOOE po. Iyon po 'yung source noong funding natin kasi po hindi naman po kasama ito doon sa—noong in-approve iyong ating 2020 budget po natin. Kaya po humingi kami kagaya ng sabi po ng ating Kalihim, humingi po tayo ng karagdagang budget po sa DBM.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, ilan po ang target number ng LSA na kukunin ng DepEd?

**DEPED USEC. MATEO:** Magandang tanong po iyan, Usec. Rocky. Wala po tayong target kasi ayon po iyan sa pangangailangan ng mga paaralan natin. Kasi po depende po iyan doon sa magiging kailangan noong paaralan para po matugunan iyong pangangailangan naman ng mag-aaral.

Ang tina-target po natin dito ay doon po, doon sa mga mag-aaral na wala pong adult o kaya magulang na makakatulong nga sa kanila. Pangalawa po, doon sa mga learners na hindi kakayanin iyong independent learning kaya kailangan po ng gabay. At pangatlo po, doon po sa mga magulang dahil po nagtatrabaho sila, wala pong adult na makakasama iyong mga bata, iyon po 'yung magiging tulong po na ibibigay natin.

Ito po ay sa pamamagitan po ng pag-profile noong ating mga guro at mga paaralan doon sa mga estudyante at mga magulang po. Kung maalala ninyo po noong Abril, as early as April po, na-report na po ito ni Secretary Liling po, gumawa po tayo ng survey kung saan po tinanong natin doon sa survey, 'mayroon po bang mga adult o may magulang pa o mayroon pong mga kapatid na makakagabay po doon sa mag-aaral?' Iyon po 'yung impormasyon na kinuha po natin para po gumawa tayo ng isang polisiya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero puwede po ba nating i-explain how exactly would this work?

**DEPED USEC. MATEO:** Okay, ganito po iyon. Iyong LSA po kagaya ng sabi po natin kanina, mayroon pong gagawing profiling iyong ating mga teachers kasi iba-iba po iyong mga estado ng estudyante na hinahawakan nila. So may mga estudyante po na independent learner, iyon po ay hindi naman siguro kailangan na noong support na learner support. Ang kailangan po

iyong doon po sa mga may disability o kaya mayroong special needs o kaya naman po hindi talaga makasabay doon sa tinatawag nating independent learning po. Iyon po ‘yung ibibigay natin.

Ngayon kung mayroon namang adult na makakatulong at hindi na rin sila mangangailangan ng LSA, hindi po natin bibigyan pero open naman tayo kung saka-sakaling mangangailangan sila. Kaya po iyong determination kung ilan po at ano iyong klase ng LSA na kukunin ay ayon po doon sa mga paaralan natin.

**SEC. ANDANAR:** Sa ibang usapin naman po, for Usec. Annalyn Sevilla. Sa halip lamang na 60-day grace period sa ilalim ng Bayanihan II ay mas pinalawig po nang walumpu’t siyam na private lending institutions at government funding institutions ang pagbabayad ng loans para sa mga kawani ng DepEd nang hanggang sa katapusan ng taon. Paano po ang magiging proseso sa pagbabayad ng loans sa ilalim ng nasabing deadline?

**DEPED USEC. SEVILLA:** Maraming salamat, Secretary Martin. Ito po iyong probisyon ng Bayanihan Law II na naglalaan po na ang mga bayarin sa pagkakautang, at kung ito po ay mga Private Lending Institutions, PLI o kaya ay Government Financing Institution or GFI na naka-enroll or nakasama sa aming DepEd automatic payroll deduction system ay hindi po namin ibabawas sa kanilang mga suweldo sa ating mga kawani sa buwan ng Oktubre at Nobyembre. Maliban lamang po sa GSIS na piniling ipatupad itong 60-day grace period sa buwan ng Nobyembre at Disyembre.

So ibig sabihin po Secretary Martin, tataas ang net take home pay ng ating mga empleyado na may mga naka-schedule na loan payments mula Oktubre hanggang Disyembre depende sa pagpili ng PLI at ng GFI kung kailan po itong moratorium na mangyayari. Ibig sabihin din po nito ay pinalawig ng DepEd na mayroon pong mga 105 PLIs at GFIs kasi dati po noong kami ay nag-presscon, 89 lang po ang sumali rito, ngayon po ay 105 na sila na nagsasabi na iwi-waive or hindi ipapataw ang accrued interest sa mga buwan na mayroon tayong loan moratorium. At karagdagan po nito, itong mga institusyon na ito ay pumayag na mag-extend ang pagbabayad o ang loan term ay mai-extend nang dalawang buwan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Puntahan naman po natin ang mga tanong ng ating kasamahan sa media. Mula po kay Kenneth Paciente ng PTV para po kay Secretary Briones: Paano po ba ang guidelines sa paggamit ng mga eskuwelahan as evacuation centers ngayong may pandemic lalo na’t some school buildings are being used as quarantine facilities? Paano po iyong mga klase ng mga bata sa apektadong lugar lalo na po iyong mga lugar na hanggang ngayon ay wala pa pong kuryente/internet? Ika-cancel po ba daw ninyo?

**SEC. BRIONES:** Una, iyong klase wala namang tayong face to face. Wala tayo, kung baga, palagi kong sinasabi, wala mang fez to fez ngayon, kaya ang mga bata hindi naman sa kanila pumapasok. Pero ang isyu na niri-raise ay iyong paggamit ng ating mga eskuwelahan bilang evacuation centers at saka in the meantime, ginagamit din as quarantine centers. Ang aming kondisyon niyan, noong pumayag kami, kasi mismo ang Presidente, three years ago nagsabi na, na talagang hindi dapat gamitin na evacuation

center ang mga schools natin, dahil parang ang mga bata igi-give up iyong mga bahay nila para sa mga evacuees who are also deserving, pero sila naman ang mai-expose to danger.

So, may general regulation na nagsabi pa nga ang Presidente na ang mga local governments, dapat magtayo sila ng mga evacuation centers, mga general purpose buildings para kung may mga sakuna, doon pupunta iyong mga evacuees. Pero hindi rin iyon maiiwasan, kasi mayroon talagang hindi sila pa handa na mag-provide ng sarili nilang evacuation centers. So may mga schools pa rin, halimbawa, as of now, as of today 869 schools in up to Region VIII, ay ginagamit pa rin iyong mga schools as evacuation centers.

Pero ang regulasyon namin, dapat hindi haluin, dapat kung may quarantine center, hindi dapat naman mayroon tayong evacuation center. Very ano, simple requirement. So, kung kailangan ang evacuation center, pero may quarantine center na, siguro mabuti ding maghanap ng ibang lugar. Mga ibang buildings na walang laman para sa evacuation centers, like gyms for example, ini-encourage nga three years ago ni President pa iyong pag-build ng mga structures na ganoon, para hindi na sundin iyong tradisyon na ang eskuwelahan ang gagamitin.

Patungkol naman sa quarantine, iyong sinasabi nga namin na kung mag-put up ng quarantine centers, pumayag din kami dahil emergency, kailangan din na ilayo sa mga lugar na malayo naman sa school. Mabuti na lang, kasi si Presidente ngayon, ayaw pumayag ng face to face, wala namang klase iyong mga bata. So, nakakatulong ito sa pag-protect ng ating mga bata. But eventually hanapan dapat ng solusyon, dahil alam naman natin sisikat ang araw, lulubog ang araw, may bagyo talagang dumarating every year, paghandaan na iyan na hindi tayo aasa sa mga schools. Ngayon, pumapayag tayo, pero kailangan magiging maingat.

Sa quarantine centers naman, iyon din ang sinasabi natin na hindi within distance of our schools, dahil lalo na, next year hopefully malaki ang request ng ating mga parents at ng ating mga eksperto na magkaroon na tayo ng face to face sa mga lugar na medyo safe. Pero hindi naman natin sila ipagtabi sa mga quarantine centers, hindi iyan puwede at hindi rin papayag ang Department of Health niyan. Susundin natin ang lahat ng requirements ng Department of Health at saka iyong sarili din nating requirements sa ating departamento. Hindi basta-basta automatic na gawin tayong evacuation center or quarantine center. I-evaluate muna natin iyong lugar kung safe ba eventually – para sa mga orihinal na may-ari, sa orihinal na nakatira nitong mga buildings na ito – ang mga bata at mga teachers.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, tanong naman po mula kay Meg Adonis ng Philippine Daily Inquirer: What relief will the DepEd be providing for schools that were damaged by Rolly? Will there also be any financial aid for teachers who were affected by the typhoon?

**SEC. BRIONES:** Usually ang nangyayari diyan ay you have a general funds sa DRRMC at kami pumipila. Halimbawa sa damage sa ating mga school buildings. Pero iyong aid sa mga teachers nilalakad din natin, halimbawa iyong utang nila, halimbawa iyong mga organizations mismo sa Department of

Education, nagtutulungan sila at hinahanapan nga natin ng paraan, dahil as I was saying na-integrate naman lahat ng pondo related to disaster sa isang ahensiya, sa DRRMC. At kami din ay pumipila diyan para sa pangangailangan ng Department of Education.

Ang experience ko diyan, halimbawa sa Yolanda noon at saka ibang sakuna, binibigyan naman sila ng assistance pero as I was saying,  dinadaan sa overall funding na available pa galing sa ating gobyerno at saka appropriate agency.

**USEC. IGNACIO:** Opo, iyong ikalawang tanong po ni Meg Adonis ay nasagot na ninyo, Secretary. Tanong na lang po ni MJ Blancaflor of Daily Tribune: May assessment na po ba ang DepEd sa naging impact ng Bagyong Rolly sa Bicol Region, may schools po ba na nasira at kailangang i-repair? Anu-ano po ang mga ito?

**SEC. BRIONES:** Mayroon na tayong reports na as of November 3, if you think of Bicol Region that would be Region V, so, mayroon ng number of schools dito: 443 schools, classrooms which are used as evacuation centers - 2,616; ilang learners ang affected, ilang numbers of families are occupying the schools, etcetera, mayroon naman tayo. Kasi, nagiging kasanayan natin that every year naman talagang may bagyo tayo. At saka sa mga buwan na ito, this is typhoon season. So, in place na itong mga structures at mga procedures. So automatically, mayroon tayong mga report: Anong mga schools ang na-damage; anong mga equipment natin ang nawala, lalo na iyong computers.

Ako mismo, I have seen classrooms na smashed talaga ang mga computers at saka laboratories; And then iyong paggamit ng quarantine at saka evacuation, lahat ito has to be integrated and we are working very closely with them. And we can make this report available, it's education cluster report. May kakapalan lang pero nandito lahat ng numero at mga picture na makita natin sa CamSur, sa Cavite, sa Antipolo and so on, iyong damage sa mga schools at ito ay niri-report natin sa DRRMC para bigyan ng prayoridad sa pag-prepare ng mga gamit na ito.

**USEC. IGNACIO:** Iyong second question po niya, papaano daw po ang gagawing aksiyon ng DepEd para matulungan po iyong mga estudyante sa affected areas, lalo po iyong mga estudyante sa hardest hit provinces like Albay and Catanduanes?

**SEC. BRIONES:** Right now, as I was saying wala tayong klase. I mean wala tayong physical ano, so medyo nakontrol iyong damage na iyan, hindi kagaya noong nangyari sa Cagayan De Oro noon at Iligan na na-trap iyong mga bata sa isang isla. So, nagiging minimal as I said, ang damage sa mga bata o sa mga pangangailangan ng tulong. Ito ay i-evaluate dahil ang budget ng Department of Education ay limitado at saka mayroon tayong kabuuang agency which is DRRMC na nagku-consolidate ng pondo at saka pagtulong sa mga lugar in a very organized and harmonized way.

Dahil kung tulong na sasabihin natin financial assistance, we have to work with DSWD; kung tungkol naman sa health ng mga bata, well have to be working with the Department of Health; kung pagkasira naman ng mga eskwelahan, we'll have to do it ourselves either that or we seek the help of DPWH but the funding will be coming from the overall fund na hawak naman ng isang agency para the purpose here is to see makikita nila iyang buong picture ng damage in addition to our children. As I've said, na-minimize ito dahil wala naman tayong face-to-face.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Question from AC Nicholls of CNN Philippines: *Info daw po sa damaged school building facilities. How will this affect ongoing production of modules?*

**SEC. BRIONES:** I don't think may effect ito kasi iyong sa first quarter natin na-produce naman iyong mga modules and also alam naman natin, sinasabi natin sa ating mga press releases that we are trying to reduce dependency on printed modules. Dahil ang isang reason kung bakit napakalaki ng damage sa ating environment, sa ating mga puno eh dahil ginagawa natin silang papel iyong mga puno na iyan. So, we are also trying to reduce dependency on printed modules and moving onto other ways of transmitting learning without using up and killing our trees.

Ito ay kailangang i-integrate at saka ang pag-produce ng module mayroon naman tayong procurement service at inumpisahan na ito for the second quarter at saka alam naman ninyo, sinabi na natin na iyong mga learning competencies ni-reduce na natin to the most essential. At ini-encourage din natin—kanina pinag-usapan na we are encouraging self-learning habits among our children na matuto silang mag-aral, to be curious, to study by themselves, iyong mga nangangailangan ng tulong ay tutulungan ng mga para-teachers, tutulungan ng parents at saka mayroon din tayong mga training—I will not say training, mga exposure para sa mga parents like parents academy.

I like to mention for example, Valenzuela, ang tagal na ng program nila para sa mga nanay; sa Kalinga, and many other places kung may saan mayroong PTA na talagang nagtutulungan ang parents at saka ang teachers para matulungan din ang mga bata.

And as I was saying, we are endeavoring and this is generally recognized, everybody knows that we cannot forever and ever and ever every year be producing modules and cutting down trees and contributing to the destruction of the environment. So, we are looking for other ways by which we can build in the habit of self-learning among our children, parents helping their children but they have to learn along sometime, they learn along with their children and also the teachers themselves to be monitoring the progress of the children.

Ibang approach na itong nangyayari dahil nga sa combination ng COVID at saka ngayon iyong usual annual event natin na sunud-sunod na bagyo na alam naman nating darating. So, ito iyong ating mga pinag-uusapan ngayon sa Department of Education.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May pahabol na tanong lang po, Secretary, si Joseph Morong ng GMA 7: *How many schools are being used as evacuation centers and are we worried that there can be a rise in COVID cases in those areas?*

**SEC. BRIONES:** How many schools? As of now, as of November 3, Joseph, 869 schools have reported that they are being used as evacuation centers involving 44 divisions and also involving 4,367 classrooms. We'll be very happy to provide, Sec. Martin, and all those who are interested with this report on the situation that has been brought about by typhoon Rolly.

Now, as to the second question, we are not in the best position to answer that kung anong impact niyan sa COVID. This is why kami, ang posisyon lang namin ay kung mayroong quarantine areas for COVID tapos gawing evacuation center, I don't think that should be encouraged, because in the first place the President has already declared a policy of minimizing or if not avoiding the use of schools as evacuation centers. It does not make any, any sense at all to mix quarantine centers and evacuation centers.

It's either one or the other or they to be safely distanced and they have to pass the standards and the requirements of the Department of Health. It will be the Department of Health who will determine kung anong impact sa COVID niyan. Kami, ang ayaw lang namin, ang sinasabi namin na hindi sila ipaglalapit. We cannot have both quarantine and evacuation centers in one school.

**SEC. ANDANAR:** Kay USec. Escobedo po naman—Yes, ma'am Liling, kay Escobedo po naman. Upang makapaghasa pa ng mga mag-aaral sa larangan ng sports ay magkatuwang po ang DepEd at Philippine Sports Commission para sa pagtatatag ng National Academy of Sports at ngayon po ay nasa initial preparations na po tayo. Ano po ang masasabi natin na unti-unti na pong naisasakatuparan ang pagbuo ng National Academy of Sports?

**DEPED USEC. ESCOBEDO:** Magandang umaga, Sec. Martin. Magandang umaga, Sec. Liling at sa ating mga kasamahan sa DepEd.

Mula nang maisabatas ang National Academy of Sports noong July 1, 2020 ay na-constitute na po ang Board of Trustees ng National Academy of Sports. Ito ay kinabibilangan ni Secretary Liling Briones ng Department of Education bilang Chairperson at ni Secretary [garbled] bilang vice chairperson; at ang mga kasapi dito, Secretary De Vera ng CHED; si Congressman Bambol Tolentino bilang presidente ng Philippine Sports Commission; at ang bagong na-appoint na executive director na si Propesor Joy Reyes.

Sa kasalukuyan, ang National Academy of Sports ay naghahanda na para mabuo at maisapinal ang National Academy of Sports Roadmap dahil ang layunin nito ay makapag-produce ng mga atleta na ilalaban sa ASEAN Games at Olympics para maghatid ng mga elusive gold medal para sa ating bansa.

At layunin din ng National Academy of Sports na hindi lang sa Clark City kung saan doon itatayo ang main campus kung hindi sa hinaharap sa mga susunod na taon ay ma-integrate iyong mga Regional Academy of Sports na mayroon tayo sa ibang mga region.

And pangalawa, sa kasalukuyan, sila po bumubuo na ng kung ano ang magiging curriculum at ano ang magiging mga pagsasanay para sa mga bata na papasok sa Grade 7 dahil itong National Academy of Sports ay isang academy na magsasanay sa mga bata na papasok sa Grade 7 hanggang sa Grade 12.

At pangatlo, kung maaaprubahan ng Kongreso iyong ating panukalang budget for the National Academy of Sports ay magsisimula po ang construction ng facilities sa New Clark City bilang main campus.

At pang-apat, iyong sa kasalukuyan din ay pinaplano na iyong pag-construct ng operation manuals para sa National Academy of Sports at maging ang Human Resource Manual. Sila po ay abala ngayon sa pagtutulungan ng DepEd at ang Philippine Sports Commission. Sa katunayan ang Philippine Sports Commission ang nag-provide ng fiscal office at ito ay nasa Ultra, sa loob ng compound ng Philippine Sports Commission at ang DepEd naman ay tumutulong doon sa mga training at lahat ng mga kakailanganin ng National Academy of Sports. Iyon po Sec. Martin ang updates natin sa National Academy of Sports sa ngayon.

**SEC. ANDANAR:** Para po naman kay Usec. San Antonio, nagkaroon daw po ng adjustments of four quarters ng school year, paano po ang mangyayari dito?

**DEPED USEC. SAN ANTONIO:** Doon po sa aming mga pagpupulong sa regional directors, naatasan po tayo ni Secretary Liling, kasi nga po tuluy-tuloy ang ating monitoring and assessment ng mga nangyayari sa mga paaralan habang on going po ang school year. Ang isa pang napag-agree-han namin ay bigyan ng parang transition ang mga bata. Alam po natin na halos pitong buwan na disengaged sila sa mga gawaing may kinalaman sa pag-aaral, kaya iyon po talagang initial report ay sinasabi medyo overwhelming iyong mga activities. Kaya po ang ginawa natin, sang-ayon sa aming mga napagkasunduan noong nagkaroon po kami ng pagpupulong last week ay maglabas nga po ng parang issuance ang aming tanggapan, ang tanggapan po ng Undersecretary for Curriculum and Instruction na bigyang-diin iyong pagpapagaan po, academic eased para nga po makapag-transition ang ating mga bata.

So, ang sinabi po natin na gagawing medyo mahaba ang first quarter kasi dito nag-a-adjust pa po ang mga bata natin at pinapayagan po natin na kahit iyong mga activities, diyan sa self-learning modules ay puwedeng bawasan or hanapin iyong mga lubhang mahalaga lamang. At pinapayagan din po natin na iyong mga magagaling, iyong mga mabibilis gumawa ay bigyan ng enrichment activities. Doon po sa mga susunod na quarters na tinatantiya natin na medyo nakapag-adjust na sila ay aasahan po natin na hindi na kasing-dami ang mga adjustments at binibigyan din po ng diin ng mga paaralan ngayon iyong instructional management task ng mga kaguruan, mga kasamahan nating guro. Ini-expect din

po natin na may suporta pa rin ang mga paaralan sa mental health ang socio-emotional well-being ng ating mga kapwa guro at mga mag-aaral.

Iyon pong time allotment din sa pagkumpleto at pagsumite ng mga requirements ay sinasabi natin, puwede nilang i-reconsider at iyon pong mga wala nga pong maayos na suporta sa bahay, na-discuss na natin kay Usec. Jess kanina. Bibigyan po ng learning support aids at iyon pong quarter nga po ay na-extend at pero po iyong pasukan ay ganoon pa rin po, in-adjust lang po natin iyong dating nakaplano namin na sa middle of the year magkaroon ng break para sa insets. Sinabi po namin gawin na rin kaagad ngayong first quarter, kasi ang pakiramdam po namin mas importante na sa first quarter ay talagang mas malalim ang ating monitoring at sinasabi rin po natin na ipagpatuloy ng mga paaralan ang kanilang maigting na pakikipag-ugnayan sa mga PTAs, sa mga local governments at sa mga NGOs na nagbibigay ng suporta sa ating mga paaralan. Iyon po iyong mga adjustments natin. Napahaba ng kaunti ang first quarter, iyon pong ibang quarters ay 'as is' pa rin o medyo magiging maiksi iyong fourth quarter, kasi ang inaasahan po natin, mas mabilis na rin iyong pag-uusad ng mga pagkakatuto ng ating mga bata.

**USEC. IGNACIO:** Opo, may pahabol lang na tanong po si Meg Adonis po ng Philippine Daily Inquirer: So, paano po ang mga estudyante na nawalan ng modules dahil sa baha? Will the DepEd provide new modules for them?

**DEPED USEC. SAN ANTONIO:** Ang mga kasama po natin sa baba, iyong mga principals at mga superintendents ay alam po nila iyong gagawin sa mga ganitong sitwasyon. Kalimitan po may mga nahuhugot na mga buffer sa pag-reproduce or iyon pong nagamit na na kailangan nang mga batang mahuhuli, kasi nga po may mahuhuli, kasi itong mga nasa Bicol ngayon ay hindi pa sila puwedeng mag-proceed kahit nasa bahay lang at iyon nga po, may mga naianod dahil nasalanta ng bagyo. So, bibigyan po sila ng pagkakataon na matuto rin gamit iyong mga self-learning resources na ginamit ng mga kamag-aral nila na tuluy-tuloy iyong pag-aaral. Ang nakita po natin, siyempre sa Kabikulan, dahil wala pang kuryente, ang tingin po ng pamilya ko doon, baka 2021 na magkaroon sa lugar namin ay iyong pong online na hindi naman talaga malawakan sa mga probinsiya ay talagang hindi pa po magiging posible ngayon kapag nagdesisyon na po sila na ibalik iyong pagpapatuto sa mga bata.

**USEC. IGNACIO:** Kay Secretary Briones po, pahabol na tanong ni Joseph Morong ng GMA-7: Kung may data daw po ang schools as quarantine?

**SEC. BRIONES:** Oh, yes naman. Mayroon namang data, kasi ang agreement namin niyan with the local government, DILG and also with the Secretary of Health, up to 50% of the schools puwedeng gamitin. But sinasabi ko na na mayroon namang mga conditions ang Department of Education. So, papasa sa requirements of Department of Health, pangalawa, hindi sa mga lugar na mga crowded na maraming bahay, crowded places, kasi that would be inviting a community transmission.

May mga ano din kami, kailangan may water facilities. Okay, in principle, gamitin ang eskuwelahan, eh kung kulang sa tubig, kung malayo sa ospital, kung walang doctor's team na nagmo-monitor? So, mas

nagpapa-worsen lang tayo sa situation. So, may mga conditions ang Department of Education to which agree naman ang Department of Health, dahil sa kanila iyong nanggaling, na kailangan may medical team, kailangan hindi sa mga crowded places, kailangan may tubig, kailangan may stock of medicines, etcetera, etcetera, bago gagawin na quarantine centers.

So, may data naman tayo niyan and ini-integrate iyan sa Department of Health, up to 50%, pero hindi naman aabot iyan. Kasi kagaya ng Metro Manila, gumagawa naman ang Metro Manila ng mga sarili nilang quarantine centers sa mga malalaking gusali na alam naman natin palaging pinapakita sa radio at saka sa TV na ito ay ginagamit na quarantine centers - mga hotels, mga hospitals, etcetera. Hindi naman ang schools lamang, parang last resort ang schools kung wala na talagang ibang magamit, pero ingat lamang dahil ang sabi nga namin, huwag haluin iyong evacuation at saka iyong quarantine; at saka nandiyan iyong pangangailangan. Ito din ang kondisyon ng mga local government units as well. Dahil they are after protecting their own residents also.

Now gusto lang idagdag iyong tanong kanina na anong assessment natin, talaga bang victorious ang pagtayo, ang pag-open ng schools natin ngayon. Sa tingin namin anything… everything that has happened and continues to happen not only in education but in many of our activities na napagpatuloy natin, that's a victory over COVID-19 dahil hindi tayo nagtatago sa ating mga bahay, hindi tayo—we tried to continue especially with the learning of the students.

Alalahanin natin na iyong ating mga bata, nag-close—you know Usec. Rocky, nag-close tayo ng school ng March and April. Then you have May, June, July, August, September tapos October tayo nagbukas, more than 5 months na ang mga bata wala sa school. So may mga adjustment problems talaga. Ang teachers natin ganoon din, in the meantime we were exposing them to webinars and so on pero hindi rin sila nagtuturo and that partially explains also why they have adjustments to do. Kagaya din ng mga parents, limang buwan iyong mga bata na nasa kanila, sa kanilang poder at babalik na sila sa trabaho nila.

All of us have adjustments to make and the fact that we are able to continue is a victory in itself kasi kung hindi tayo nagbukas ng eskuwelahan ngayon, we will be the only country in Southeast Asia na hindi pa nagbukas ng eskuwelahan.

Halos lahat ng Southeast Asian countries at karamihang mga bansa sa buong mundo ay already into blended learning. Pero iba't ibang klase kasi sabi nga natin, paano na iyong nabasa sa baha? Eh, paano na iyong hindi nabasa sa baha? Paano na iyong nagkulang ng module? Eh ilan pang trees ang papatayin natin? Etcetera, etcetera. Pero ang sabi nga natin, no one size fits all. Hindi na iyong dating practice na sabay-sabay tayong nagmamartsa. Mag-issue lang ang central office ng directive, "*Hoy march kayo – left, right, left, right, left, right.*" Ngayon ay ini-encourage natin ang initiative ng mga schools para sila ang—maghanap sila, mag-develop sila ng solusyon sa mga challenges.

Halimbawa nabasa ang module, siguro hindi naman susulat ang Superintendent na basa iyong module namin. Maghanap sila ng paraan. Siguro ibibilad nila, iyong iba pinaplantsa. Hindi na sila uutusan ng circular galing sa central office para sabihin kung ano gagawin and this is what is happening. This is a good thing and ang consequences, kung hindi natin ipagpatuloy ang edukasyon, mas matindi pa kasi bina-balance namin ito. What will happen kung hindi tayo magbubukas ng eskuwelahan? Hindi lang natin alam na maraming mga psychosocial problems na nag-i-emerge while children are not in school or are at home. Hindi lang natin napapansin dahil nagdi-debate tayo nitong ating ano—magbukas ba o hindi, magbukas ba o hindi.

In the meantime, the children are at home 'no. So nag-decide ang Department of Education under instructions of the President na buksan ang schools dahil 'pag ganoon, a 15-year old child will be 16 by the time we open, iba na naman ang pangangailangan niya sa edukasyon.

So gusto ko lang itong i-emphasize na ang nakikita natin iyong mga problema, iyong mga detalye na tuturuan pa natin ang mga eskuwelahan kung anong gagawin nila.

On their own, karamihan sa inyo taga-probinsya, alam naman ninyo on their own gumagalaw. Halimbawa nandiyan na si baha, maghihintay ka pa ba ng circular from Department of Education to tell you na you close your classes or you go home na. Don't deliver na lang 'no. Nandiyan na si baha, nandiyan na si earthquake… so this teaches us to—iyong sinasabi nga ng isang senador na no one size fits all and this in a sense is a kind of victory that we are talking talking about – that education still continues whatever is the situation – may bagyo, may baha, may earthquake, may COVID pero hindi natin iiwanan ang mga bata. Thank you, Martin.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Ma'am Liling Briones – Secretary ng DepEd, Usec. Sevilla, Usec. Mateo, Usec. San Antonio at Usec. Escobedo. Mabuhay po ang Department of Education! Salamat po sa inyong panahon.

At diyan po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa PCOO.

**USEC. IGNACIO:** Ako naman po si Usec. Rocky Ignacio mula pa rin sa PCOO.

**SEC. ANDANAR:** Samahan ninyo po kami bukas dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--